# Gawain sa mga Huling Araw Para sa mga Patay



Itinuro ni Elder John A. Widtsoe (1872–1952) ng Korum ng Labindalawang Apostol ang sumusunod hinggil sa ating misyon na inorden noon pa man na tumulong sa pagliligtas ng mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos:

"Sa ating buhay bago pa ang buhay na ito, noong panahong idinaos ang malaking kapulungan, gumawa tayo ng tiyak na kasunduan sa Makapangyarihang Diyos. Nagmungkahi ng plano ang Panginoon, na Siya ang gumawa. Tinanggap natin ito. Dahil ang plano ay para sa lahat ng tao, tayo ay nakikibahagi at nakikinabang sa kaligtasan ng lahat ng tao sa ilalim ng planong iyan. Kaagad tayong sumang-ayon doon na maging mga tagapagligtas hindi lamang para sa ating mga sarili kundi . . . mga tagapagligtas para sa buong sangkatauhan. Nakipagtulungan tayo sa Panginoon. Ang pagsasakatuparan ng plano ay hindi lamang naging gawain ng Ama, at gawain ng Tagapagligtas, kundi naging gawain din natin. Ang pinakamaliit sa atin, ang pinakamapagpakumbaba, ay nakipagtulungan sa Makapangyarihang Diyos upang makamit ang layunin ng walang hanggang plano ng kaligtasan ("The Worth of Souls," *Utah Genealogical and Historical Magazine,* Okt. 1934, 189)" (sa *Doctrine and Covenants and Church History: Gospel Doctrine Teacher's Manual* [1999], 173).



Hinikayat ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga kabataan ng Simbahan na gawin ang gawain sa templo para sa kanilang sariling mga ninuno:

"Ang anumang gawain na ginagawa ninyo sa loob ng templo ay hindi pagsasayang ng panahon, bagkus ang pagtanggap ng mga ordenansa para sa isa sa mga yumao ninyong ninuno ay lalong magpapabanal sa oras na ginugol sa templo at mas malalaking pagpapala ang matatanggap. . . .

"Kayong mga kabataan, gusto ba ninyo ng isang tiyak na paraan para maalis ang impluwensya ng kaaway sa inyong buhay? Lubos na makibahagi sa paghahanap ng inyong mga ninuno, ihanda ang kanilang pangalan para sa mga sagradong ordenansa na maisasagawa sa templo, at magpunta sa templo para magsilbing proxy nila sa pagtanggap ng mga ordenansa ng binyag at kaloob na Espiritu Santo. . . . Wala akong maisip na mas mainam na proteksyon laban sa impluwensya ng kaaway sa inyong buhay" ("Ang Kagalakan ng Pagtubos sa mga Patay," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 94).



Ganito ang paanyaya at pangako ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Inaanyayahan ko ang mga kabataan ng Simbahan na matutuhan at maranasan ang Diwa ni [Elijah]. Hinihikayat ko kayong mag-aral, na saliksikin ang inyong mga ninuno, at ihanda ang inyong sarili na magpabinyag sa bahay ng Panginoon para sa *inyong* mga namatay na kaanak (tingnan sa D at T 124:28–36). At hinihimok ko kayong tulungan ang ibang tao na matukoy ang kanilang family history.

"Sa pagtugon ninyo nang may pananampalataya sa paanyayang ito, ang inyong puso ay babaling sa mga ama. Ang mga pangako kina Abraham, Isaac, at Jacob ay matatanim sa inyong puso. Ang inyong patriarchal blessing, na naghahayag ng inyong angkan, ay iuugnay kayo sa mga ninunong ito at magiging mas makahulugan sa inyo. Ang pagmamahal at pasasalamat ninyo sa inyong mga ninuno ay mag-iibayo. Ang inyong patotoo at pananalig sa Tagapagligtas ay lalalim at mananatili. At ipinapangako ko na mapoprotektahan kayo laban sa tumitinding impluwensya ng kaaway. Sa pakikibahagi at pagmamahal ninyo sa banal na gawaing ito, kayo ay pangangalagaan sa inyong kabataan at sa habambuhay" ("Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2011, 26–27).

© 2018 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN